sa iba't-ibang kaso-iyong masyadong nakakapinsala ay ini-liliwat niya sa nakakataas na tanggapan ang pagpapasiya at iyon namang iba ay di na pinapayagan pa ang pag-unlad.

Sa puntong ito ay nagbigay panukala si Kag. Gironella ukol sa paglalaan ng salapi upang matugunan ang panganga-ilangan ng pagtataguyod ng isang libreng "Vocational Technical Training Course". Ipinaliwanag niya na ang kabuuang halagang gastusin para sa kurso ay ₱10,154.19 na magmumula sa mga sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
| a. | Alay-Lakad Fund | - | ₱4,554.19 |
| b. | Non-formal Educ. Fund | | 3,600.00 |
| | Special Educational Fund | | 3,600.00 |
| k. | Contribution for the Mun. Fund | - | 2,000.00 |
| | KABUUAN | - | ₱10,154.19 |

Kaya't iminungkahi at hiniling ni Kag. Gironella na ang halagang ₱2,000.00 ay kunin sa nalabing salapi mula sa mga abuloy sa nagdaraang kapistahan ng bayan noong Abril. Ang kahilingan ay agad namang sinang-ayunan ng kapulungan, kaya't ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXIX-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Gironella na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang DALAWANG LIBONG PISO (₱2,000.00) mula sa Kabang Bayan upang itulong-tustos sa "Free Vocational Technical Course".

Ang halagang nabanggit ay magmumula sa natirang abuloy para sa nagdaang pistang bayan ng Abril, 1988.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 620 - '88
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 23, 1988

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Sa ganap na Ika-11:45 ng umaga ay ipininid ang pulong sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Mangahis.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad